# Chapter One

Sa abandonadong gusali sa *K.D. Saligumba Street* ang hideout ng mga *Muningnings,* ang grupo ng kilabot na mga pickpockets sa *Tolentino Wet Market*.

Kung titingnan mula sa labas ay tila ordinaryong abandonadong gusali lamang ang hideout nila, pero pagdating sa loob ay mukha iyong welding shop sa dami ng nakatambak na mga ninakaw. Karamihan ay metal dahil ibinebenta iyon ng mga *Muningnings* sa scrap.

May kanya-kanya silang mga kuwarto sa ikalawang palapag ng gusali. Pito sila sa grupo, puro mga babae at binabae na lumaki sa kalsada. Kaya *Muningnings* ang tawag nila sa kanilang mga sarili

ay dahil lahat sila ay mga pusang gala.

Lider nila si Sparkle. Iyon ang pangalan niya dahil iyon ang ipinangalan sa kanya ng nanay niyang dating p*ta. Sparkle daw kasi ang tawag nito sa Italyanong nakabuntis dito. Lahat na lang ng nakakasalubong niyang tambay sa kanto at mga taong grasa ay Sparkle ang tawag sa kanya.

May pamilyang kumupkop kay Sparkle dati pero inalila siya kaya naglayas siya. Kinupkop din siya ng mga madre kaso masyado siyang pasaway at may pagka-hyperactive. Hanggang sa naglayas siya uli. Nagpa-fiesta nga raw at nag-inuman ng mompo (iyong alak na iniinom ng pari sa misa) ang mga madre nang mawala siya roon sa bahay-ampunan dahil siya raw ang pinakasutil na batang naalagaan ng mga ito.

Sa kalsada niya nakilala ang mga kasamahang sina Stew Cat, Carrot Cake, Butter Slice at ang mga baklitang sina Gingerita at Zigzirita a.k.a. Ziggy Cat. Ang nobya niyang si Kitty Perry ay nakilala niya sa *7-Eleven*. Na-love at first sight siya rito kaya kanyang niligaw-ligawan. Sumama naman! Sinundo ito nang ilang beses ng nanay nito, pero ayaw bumalik doon sa kanila.

Biyernes ng umaga ay naghanda na sila para sa kanilang raket. May nanakawin silang cargo sa pier

habang ang maiiwan ay pupunta sa kabilang wet market para mang-snatch.

"Dapat may maiuwi kayo, ha!" sabi ni Sparkle kay Kitty Perry habang inilalabas ang kanilang bike mula sa kanilang lungga. "Bawal dito ang palamunin!"

"Meow, boss!" sabi ng mga *Muningnings*.

Kasama sina Carrot Cake at ang mga baklita ay nag-bike sila papuntang pier. Sa totoo lang ay mahirap magnakaw roon, pero kasado na kasi ang usapan nila ni Bugok, ang pugante roon.

Dalawang bisikleta sila papunta sa pier. Si Zigzirita, napakamot ng puwet kaya naalangan si Sparkle sa pagda-drive. Muntik na silang mabunggo. Mabuti at nakahinto agad ang sasakyan kaya hindi sila napuruhan.

"Mga @$%#&& batang-yagit 'to!" sigaw ng driver habang ibinababa ang salamin. "Laro kayo nang laro sa kalsada! Paano kung nadisgrasya kayo? Baka kami pa ang masisisi!"

"Sisi mo mukha mo!" sigaw pabalik ni Zigzirita.

"Aba! Aba!" Inihinto ng driver ang kotse at nilabas si Zigzirita. "Kung nabunggo ko kayo, sisisihin talaga pagmumukha ko! Ikaw na bakla ka, ikaw pa ang matapang!"

"Eh, ano ngayon kung diyosa ako? Ano problema

natin?" parang lukaret na sagot ni Zigzirita.

Sinenyasan ni Sparkle ang baklita na tumigil dahil galit talaga ang driver. Mamahalin pa naman ang dala nitong sasakyan. Baka malaking tao pa ito.

At bumaba ang salamin ng sasakyan sa likuran at isang mestisuhing lalaki ang nakita nila. Si Zigzirita ay napakamot talaga ng puwet dahil sa guwapo ng lalaki, parang si Ian Veneracion. Siya nga na T-bird ay napalingon din, ang mga baklita pa kaya?

"Hey, just leave them alone!" tila inip na sabi ng lalaki sa driver.

"Nakaka-high blood kasi ang mga batang yagit na 'to, sir!" sabi ng driver.

"Not worth your time," tinatamad na saad ng lalaki, nasa laptop na sa kandungan nito ang tingin. Tumaas na rin pagkatapos ang salamin sa tabi nito.

"Ikaw!" singhal ng driver kay Zigzirita. "May oras ka rin!"

Hindi nakaimik ang baklita. Hindi pa ito nakakabawi sa pagtitig sa salamin kung saan nakapuwesto ang mestisuhing lalaki. Mukhang nabigla ito sa kaguwapuhan. Nang umandar nga ang sasakyan ay lumiko talaga ang katawan nito at balak yatang habulin ang kotse. Muntik na naman silang sumemplang.

"Ano ka ba?!" singhal ni Sparkle. "Mamamatay

tayo dahil sa 'yo, eh!"

"Ang guwapo!" tili ni Zigzirita. "Unang kita ko pa lang alam ko nang siya ang itinadhana sa akin ng langit! Ano kaya name n'un? Stalk ko siya sa *Facebook*!"

"Huwag kang ambisyosa! Duduraan lang n'un ang may sa paa mong mukha," singhal ni Sparkle.

Isang nakakausog na tingin ang sagot ni Zigzirita.

Dumerecho sila sa likuan kung saan nila napagkasunduan ni Bugok na magkita. Doon sila umupo sa tabi ng kalsada. May lumapit sa kanilang binatilyo, binentahan sila ng isang bote ng rugby. Tinawanan nila ito. Graduate na sila doon. Maganda ang kabuhayan nila ngayon kaya bakit pa sila sisinghot niyon?

Umupo at naghintay sila roon nang tatlong oras pero walang Bugok na dumating. Naimbyerna nga sila. Ano kaya'ng nangyari sa puganteng iyon? At may text pang masamang balita galing kay Stew Cat.

*Sparkle, hinuli si Kitty Perry! Nasa presinto siya ngayon!*

Nag-alala siya sa girlfriend. Agad niyang niyaya ang mga kasamahan na magsikad papunta sa presinto. Nadatnan nila roon na umiiyak si Kitty Perry habang kaharap ang isang abogado at ang

buanget na driver na muntik na nilang nabunggo kanina. Masamang mukha nga ang bungad sa kanila ng driver bago nangutya.

"Bakit nandito ang mga taong grasa na 'to?" tanong ng driver. "Hanggang dito ba naman ay manggugulo kayo?"

"Ano'ng ginawa n'yo sa girlfriend ko?!" sigaw ni Sparkle.

"Daddy!" iyak ni Kitty Perry sabay tayo para makayakap sa kanya, pero binatukan ito ng pulis kaya napabalik ng upuan.

"Labas! Labas!" sigaw ng isang pulis sa kanila. "Bawal ang mga asungot dito!"

"Hindi! Kailangan kong makausap ang girlfriend ko!" pagpupumilit ni Sparkle.

"Lalabas kayo o isasama kayo sa kanila na makulong?" banta ng pulis. "Siguro kasama kayong nang-snatch, ano?"

Mabilis pa sa alas-kuwatro na nagtakbuhan ang mga *Muningnings* palabas ng presinto. Si Sparkle nga ang pinakaunang nakarating sa labas. Totoo naman ang tapang niya kanina kaso takot din siyang makulong. May bad experience kasi siya sa kulungan.

Minsan, nakulong siya at buong akala ng mga pulis ay totoo siyang lalaki dahil semi-kalbo noon

ang kanyang buhok. Wala rin kasing nag-physical exam sa kanya, baka tinatamad ang naka-duty na pulis noon kaya basta na lang siya itinapon sa seldang panlalaki. Siyang si tanga ay hindi itinama ang pagkakamali ng mga pulis dahil feeling lalaki nga. Hindi niya akalain na isang serial rapist pala ang naghihintay sa selda. Ginahasa siya! Ang pasalamat lang niya ay iba ang trip ng rapist. Tainga niya ang tinira nito, hindi sa gitna ng legs. Kinawawa ang tainga niya. Kinaumagahan ay namaga ang kalahati ng kanyang mukha. Na-trauma talaga siya kaya ingat na ingat siya palagi na hindi madampot o mahuli ng mga pulis.

Hinanap nila si Mang Norman sa parke, ang taong grasa na umuuwi sa ilalim ng punong mangga na malapit sa kanilang kuta para kausapin ito. Maganda pa ang tindig ng matanda at minsan naman ay naliligo. Kung nakabihis ay nagmumukha na itong ahente ng bahay at lupa. Disente rin itong magsalita kahit papaano. Ang importante ay may maipakilala silang magulang o guardian para may maiharap sa mga pulis.

Sa pakiusap nila, naligo si Mang Norman at pumunta sa presinto. Pagkauwi ay ikinuwento sa kanila ng matanda na girlfriend ng isang mayamang tao raw ang na-snatch-an ni Kitty Perry. Okay lang

daw sana na snatch lang, kaso lumaban daw ang girlfriend at si Kitty ay bumunot ng patalim at sinaksak sa braso ang biktima. Nasa hospital daw ngayon ang babae at sisiguraduhin daw nitong makukulong si Kitty Perry.

"Magkano raw ba piyansa?" tanong ni Sparkle.

"Ang korte raw ang magdedesisyon."

Napakamot ng ulo si Sparkle. Saan naman sila kukuha ng pambayad ng abogado? Sana puwedeng kausapin na lang niya ang nabiktima para wala nang problema. Palalamig-lamigin muna niya ang sitwasyon at saka siya magmamakaawa.

"Bakit kaya nandoon sa presinto ang buanget na driver?" tanong ni Zigzirita. "Hindi kaya si pogi sa kotse ang mayamang boyfriend na sinasabi nila? Ohmygod! Ano kaya ang name ni Girlfriend Saksak para malaman ko ang pangalan ni pogi?"

Kapag ganitong may natipuhan si Zigzirita, hindi talaga nito titigilan hangga't hindi nalalaman ang pangalan ng nasaksak ni Kitty Perry.

Anja Brick. Sinearch nila sa *Facebook* at sobrang ganda nito. Mukhang halfie at world traveller ito. Kasama nga nito sa picture ang guwapong lalaki na nakita nila sa sasakyan. Wala nga lang naka-tag na *FB* account ng lalaki. Baka walang account.

Napatanong nga sila kung ano kaya ang

ginagawa ng babae sa wet market. Siguro namimili ng seafood dahil bagsakan doon.

Nang mga sumunod na araw ay alam na ni Zigzirita kung saan ang opisina at kung saan umuuwi ang guwapong lalaki. Simon Javiador ang pangalan nito. Sim ang palayaw. 6'1". Architect at may sariling construction business. Ang lolo raw nito ay isang batikang kontratista, pioneer daw sa Pasig.

Naisip niyang puntahan ito para hingan ng dispensa para hindi na nito kasuhan si Kitty Perry. Nagpasama siya kay Zigzirita at naghanda talaga ang loka. Naka-gown ito ng itim at muntik pang matisod nang sumakay sila ng bus. Dahil hindi sila derechong makababa sa tapat ng gusali ay naglakad pa sila hanggang sa marating ang *Javiador Rise*.

"Welcome sa aming kaharian!" awit ni Zigzirita habang papaakyat sila sa rampa papunta sa entrance. Hindi pa sila nakakalapit ay ginisa na agad sila ng mga guwardiya.

"Saan kayo pupunta? Bawal kayo rito!"

"Kakausapin lang po namin si Mr. Javiador," magalang na sabi ni Sparkle.

"May appointment ba kayo?" tanong ng guwardiya.

"Wala po, pero kaya po kami nandito ay para makahingi ng appointment."

Sabay-sabay na napailing ang tatlong guwardiya.

“Importante po ang ipapakiusap namin,” patuloy ni Sparkle.

Ayaw talaga silang papasukin ng mga ito kahit anong pagmamakaawa nila. Sa inis ay napaupo sila sa isang tabi. Hinagisan sila ng mga ito ng barya. Ipinasya na lang nilang umuwi.

Hindi siya dumerecho sa kanilang lungga. Dumaan siya ng ukay-ukay at naghanap ng bestida. Naisip niyang kailangan niya sigurong magbihis para seryosohin. Naisip niyang magbihis na parang ahente ng lupa, mag-long sleeves, khaki pants at black shoes. Pero pansin din niyang mas mabait ang mga tao sa mga babae kumpara sa mga maton kaya mas maiging magbihis-babae siya.

May nakita siyang simpleng blue na bestida. May kuwelyo, short sleeves, at one inch above the knee ang haba sa kanya. Disente na siguro iyon. Bumili rin siya ng sandalyas. Pinili niya iyong isang pulgada lang ang takong dahil matangkad na siya. Nagmana siguro siya sa Italyanong tatay. Sinamahan niya rin ang pinamili ng itim na bag.

Pag-uwi ay palihim niyang nilabhan ang binili sa ukay-ukay. Baka kasi tuksuhin siya kapag nakita siya ng mga ito na nakabihis-babae. Maton siya, ha. M-A-T-O-N!

Pagdating ng Huwebes ay nag-check in siya sa motel sa crossing kung saan niya dinadala ang mga chicks niya. Kailangan niya kasi ng maliliguan bago pumunta sa opisina ng mga Javiador. Naghilod nga siya nang maigi para magmukhang malinis ang morenang balat. Masyado siyang umiitim kapag naaarawan. Buti na lang matangos ang ilong niya at mahahaba ang biyas sa height na 5'7" kaya keri na.

Nang maisuot ang damit ay hinablot niya sa bag ang hiniram na wig kay Zigzirita. Hiram na walang paalam. Maiksi kasi ang buhok niya. Naisip niyang baka kung mahaba ang buhok niya ay magmumukha siyang kaakit-akit. Isinuot niya ang wig na hanggang baywang. Nagmukha siyang si *Pocahontas*.

Paglabas niya ng kuwarto ay may sumipol ng '*witwew*' sa kagandahan niya. Paglingon niya ay halos mapakaripas siya ng takbo dahil kamukha ng rapist na gumahasa sa kanyang tainga ang sumipol. Napasapo tuloy si Sparkle sa dibdib at binilisan lalo ang lakad palabas ng motel. Sumakay uli siya ng bus at naglakad papunta sa *Javiador Rise*.

Hindi siya agad pumasok. Nagmanman siya sa kabilang kalsada para tingnan kung paano pumasok ang mga tao. Nakita niyang hindi naman sinisita ang ibang pumapasok. Derecho lang ang karamihan. Ang iba ay humihinto sa mga guwardiya para

magtanong.

Naisip niyang sisimplehan niya lang ang pagpasok, iyong tipong alam niya ang ginagawa. Baka walang sisita sa kanya pag ganoon.

At sinimulan niya ang paglalakad. Kumakabog man ang dibdib ay kumendeng-kendeng siya na parang si Venus Rah, derecho ang tingin, at feeling yayamanin. Hindi siya sinita!

Nang makalayo-layo ay napasapo siya ng dibdib. Mahirap palang maging dalaga dahil mag-e-effort talaga siyang kumembot-kembot.

*Teka!* Paano niya malalaman kung saan ang opisina ni Simon Javiador? Nakita niya ang directory pero parang kasalukuyang pinapalitan iyon. Paano niya malalaman kung alin at saang palapag ang opisina ng lalaki? Ayaw naman niyang magtanong sa nasa information desk. Kailangan ba niyang isa-isahin ang mga palapag?

Sa hagdan siya dumaan. Nakaabot siya ng sampung palapag sa kakabasa ng mga nakapaskil na name plate sa labas ng mga pinto pero hindi niya pa rin matukoy kung saan ang opisina ng lalaki. Wala siyang nakitang *Javiador Builders.* Kapag may nakakasalubong ay hindi naman siya makapagbukas ng bibig para magtanong. Matapang siyang tao, pero iba kasing teritoryo ito. Pero baka

kailangan na niyang magtanong sa mga receptionist sa nadadaanang opisina para may mapala siya. Baka nasa 25th Floor o mas mataas pa ang opisina ng lalaki.

At kailangan na rin niyang mag-elevator dahil sumasakit na ang mga binti niya. Pinindot ni Sparkle at bumaba ang mga numero. Bumukas ang mga pintuan. Papasok na sana siya nang parang may tumawag sa pangalan niya.

May babaeng lumabas mula sa isang opisina at may babaeng lumingon.

At pumasok siya sa loob ng elevator.

At nahulog siya at bumagsak sa mga bakal. Naumpog ang kanyang ulo, pero kahit gaano kasakit ay binalewala niya iyon dahil natuliro siya nang makita ang mga kable ng elevator na tila pahaba nang pahaba.

Mahabaging Langit! Nasaan siya? Napamura na lang siya nang mapagtantong nasa itaas siya ng elevator. Paano nangyari iyon? Mukhang hindi siya sa loob ng elevator napapuwesto nang bumukas ang mga pinto niyon.

Napasigaw siya. "Tulong po! Tulungan n'yo po ako!"

Walang sumagot kaya nilakasan niya pa. Kinalampag niya ang kinasasadlakan pero wala rin.

Sa kapal ng metal ng elevator, maririnig kaya ng mga nasa ibaba ang mga sigaw niya?

At huminto ang elevator.

Paano na ito? Baka mamatay siya rito.

# Chapter Two

May hahabuling meeting ngayon si Simon sa Makati tungkol sa magiging bid nila sa isang lote sa Laguna. Kung hindi niya iiwan itong ginagawa niya ay male-late na siya. Isinara niya ang laptop, hinablot ang backpack, at tumakbo patungo sa elevator. Pinindot niya ang number menu at papasok na dapat nang espasyo ang makita niya, hindi ang elevator car. Napamura siya. Mabuti at nakakapit siya sa gilid ng pinto kung hindi ay baka patay na siya. Napigil ang pagsasara ng magkabilang pinto ng elevator.

"Tulong po!"

Pagtingin niya sa ibaba ay naroon ang isang babae na nakakunyapit sa mga kable ng elevator.

Napaluwa talaga ang mga mata niya. Paano kaya ito napunta roon?

"Tulong po!" iyak nito, iniaabot ang kamay.

Napaluhod si Simon para abutin ang kamay nito. Nang mahawakan niya ito ay inilipat na ng babae ang bigat sa kanya. Hindi niya inasahan ang bigat nito. Nahihila siya pababa. Wala na talaga siyang ibang magagawa kundi ang bitiwan ito dahil kung hindi ay dalawa silang mahuhulog.

Isang nakasisindak na sigaw ang pumuno sa espasyo na sinundan ng isang malakas na kalabog. Napapikit siya at napasabunot sa buhok. Lawsuit! Siguradong malaking problema ito.

Napatingin siya sa ibaba. Naroon, nakabulagta ang babae pagkatapos mahulog sa may height na dalawang palapag. Hindi na ito gumagalaw at sigurado siyang wala na itong buhay. Sa taas ba naman ng kinahulugan.

Sa nerbiyos at galit ay tinawagan ni Simon ang chief engineer para itanong kung paano ito nangyari. Maayos silang magpasuweldo kaya bakit palpak itong elevator?

Humahangos na dumating ang engineering team patungo sa kinatatayuan niya.

"Tingnan n'yo 'yan! Paano nangyari 'yan?"

Namutla ang mga engineer. Tumakbo ang isa

sa quarters ng mga ito para itigil ang operation ng elevator at makuha ang babae.

Nagtakbuhan ang mga engineer para matingnan ang babae. Pati siya ay napatakbo rin. Bubuhatin na sana nila ito nang magmulat ito ng mga mata.

"Ang wig po! Ang wig po baka mawala! Hindi ko po 'yon naipaalam," iyak nito. "Hindi po sa 'kin iyon."

Halos mapalundag si Simon sa tuwa. Buhay ang babae.

"Sir, parating na rin po siguro ang ambulansyang tinawagan namin. Mas maganda po siguro kung hindi na tayo ang bumuhat sa kanya," sabi ng chief engineer.

Pagdating ng ambulansya, pinasama niya sa hospital ang kanyang sekretarya. Dumerecho na siya sa meeting. Pagkatapos ng meeting bandang hapon ay dumerecho siya sa hospital para kumustahin ang babae.

Nakabenda ang isang paa nito. Nakakabaliw nga na iyon lang ang pinsala nito sa taas ng kinahulugan.

"I'm sorry for what happened," hingi niya ng paumanhin. Pasalamat talaga siya at hindi namatay ang isang ito dahil malaking problema kung nagkataon.

"Kung puwede po sana ay maibalik ang wig," ang unang sabi nito.

"Ipapahanap ko."

"At saka, sir, kung puwede po sana ay iatras n'yo ang kaso kay Kitty Perry. Ang totoong pangalan niya po ay Katrina Maypangil, 'yong nang-snatch po sa girlfriend n'yo."

Natahimik siya sa sinabi nito.

"Ang totoo po niyan, sir, ay hinahanap ko po kayo sa building n'yo para humingi ng dispensa pero nahulog nga po ako sa espasyo dun sa elevator."

"Yes, Anja is my girlfriend, but I don't decide for her. She pays her own lawyer and makes her own decisions."

"Sir, wala po akong hihingiin at hindi rin po ako magdedemanda basta iurong lang po n'yo ang kaso laban kay Katrina Maypangil."

Hindi niya alam ang sasabihin. Hindi kaya sinira ng babae ang elevator? Hindi na niya naitago ang nasa isipan. "Did you do something to the elevator?"

"Po?"

Binigyan niya ito ng nagdududang tingin.

Mukhang nabasa ng babae ang gusto niyang ipahiwatig. "Wow! Hindi po ako nakapag-aral. At saka, itataya ko ba ang buhay ko para lang sirain 'yon?"

Malay niya. Kailangan niya munang magpaimbestiga. "If you need something, here's my

secretary's number," sabi niya sabay abot ng business card. "Or you can email me because I'll be leaving the country soon for a fellowship." Isinulat niya ang email sa tarheta at nagpaalam na rin.

Umuwi si Simon sa pad nila ni Anja para mag-ayos ng mga gamit dahil aalis siya bukas papuntang England. Mabuti naman at umuwi rin ang kasintahan. May patch ang braso nitong nasaksak. Kinausap niya ito tungkol sa kaso.

"Her friend was in an accident in our building. Hihilingin ko sanang iatras mo na lang ang kaso para hindi na rin kami kasuhan."

Isang malaking no ang sagot ni Anja. "If you were the one in my situation, you'd also be saying no. Hindi ikaw ang nasaksak kaya madaling sabihin 'yan. I want that girl in jail until the scar on my arm has totally faded. That should teach her a lesson."

Mukhang mainit pa ang ulo ng isang ito. Sa ibang araw na lang niya kakausapin.

Ang sinabi ni Simon ay i-email siya, hindi i-*Messenger*. May nag-invite sa *Facebook* account niya na Sparkle Sondaya at naalala niyang personal email pala niya ang nailagay niya sa likod ng calling card, hindi ang business email niya. Ibang name kasi ang ginagamit niya sa personal account para mga

kakilala lang niya ang maka-connect. Baka ni-search ni Sparkle sa *Facebook* ang email niya at nakita itong personal account niya. Hindi niya tinanggap ang friend invite. Nag-message si Sparkle sa kanya.

*May nakita po ba kayong wig?*

Hindi naman kasi importante sa tingin niya ang tanong kaya hindi niya sinagot at pinansin. Pagkatapos ng isang buwan ay nag-message ito uli.

*Dahil masasama ang mga ugali n'yo, idedemanda ko po kayo. Ipinadala na po ni Atty. Moscoso ang habla ko sa inyo. Bye!*

Wow! Kulang pa ba ang ibinayad niya rito at talagang maghahabla pa? Sa inis ay binuksan ni Simon ang account ng babae at tiningnan ang mga pictures nito. Nasa profile pic nito ito at si Kitty Perry. Sinabi sa kanya ni Anja na mag-jowa raw ang dalawa at si Sparkle daw ang lalaki. Nakadamit lalaki nga si Sparkle, pero kahit saang anggulo ay mas maganda ito nang milya-milya kumpara kay Kitty Perry na mukhang nayuping lata ang hitsura.

Kamukha ng tomboy na si Sparkle ang ultimate crush niyang si Sophia Loren noong kabataan ng aktres.

Naalala niya na noong nadisgrasya si Sparkle ay nakadamit babae ito.

*Ano ba ang problema?* tanong niya sa text.

*Yong nanay n'yo po impakta, pati girlfriend n'yo!* sagot nito.

*You've been paid already.*

*Hindi ko po 'yon tinanggap. Ibinalik ko po sa mommy n'yo. Di ba ang usapan ay iaatras ni Miss Anja ang kaso? Walang kasong inatras.*

Tinawagan niya ang ina para tanungin ito kung ibinalik ni Sparkle ang pera.

"Oh, yes! I forgot to tell you. I couldn't remember where I placed it. I'll send it to your office once I find it," sabi ng ina.

"Why didn't you tell me sooner? Magkakaso 'yon!"

"I told you, I forgot!" At nagpaalam na ang mommy niya, may pupuntahan pa raw.

Tinawagan niya si Anja pero ayaw talagang iatras ng babae ang kaso.

"Why do you bother with those bullsh*ts? Don't give in to them!"

Nagpadala siya ng message kay Sparkle. "I'll be back in November. That's two months from now. Let's talk then."

At ibinalik niya ang atensyon sa ginagawa.

Nasa opisina ni Atty. Moscoso si Sparkle. Apat na kanto lang mula sa kanila ang notaryo publiko kaya ito ang nilapitan niyang abogado. Magkikita kasi sila ni Simon Javiador at kailangan nilang pag-ensayuhan ang mga sasabihin bago sumuong sa giyera.

"Sabihin mong tatlong milyon ang hihingin mong danyos. Muntik ka nang mamatay doon kaya bakit isang daang libong piso lang ang ibibigay ni Mr. Javiador?" turo ni Atty. Moscoso. "Basta, Sparkle, ang usapan, ha. Dapat hati tayo kapag nanalo tayo sa kaso."

"Okay po," sabi niya.

Tatlong buwan pagkatapos mahulog sa elevator ay nakakalakad na siya nang may saklay. Binayaran naman ng mga Javiador ang hospital bills niya at binigyan siya ng isang daang libo para sa gamot at iba pa. Ang sabi nga niya ay kahit wala nang pera basta iatras lang ng mga ito ang kaso ni Anja kay Kitty Perry, pero wala talaga. Ayaw magbigay ng mga ito. Naisip niyang tama ang suhestiyon ni Atty. Moscoso. Dapat ay daanin niya sa pera para bigyan siya ng mga ito ng atensyon.

Bandang alas dos ay lumarga na sila ni Atty. Moscoso para makipagkita kay Simon Javiador.

Nauna silang dumating sa restaurant. Nakaupo siya sa wheelchair na props nila at ipinuwesto siya ng abogado sa gitna ng dalawang upuan. Dalawampung minuto ang kanilang hinintay bago dumating ang isang sports car at bumaba mula roon si Simon Javiador. Naka-shades ito at aaminin niyang guwapo talaga ang lalaki. Na-insecure tuloy siya.

Umupo muna ito sa tabi niya bago tinanggal ang shades. Nang ngumiti ito sa kanila, saka niya lang napansin na ang ganda pala ng ngipin ng lalaki—walang espasyo at walang mukhang pangil.

"Nice to see you both." Iniabot nito ang kamay sa kanila.

Nang komportable nang nakaupo si Simon Javiador ay hindi na nagpaliguy-ligoy pa si si Atty. Moscoso. Sinabi na agad nito ang kanilang gusto.

"What? Three million?" Umismid si Simon Javiador.

"Yes, Mr. Javiador," sabi ni Atty. Moscoso. "1.5 million kasi ang hihingin naming danyos sa bawat palapag na kinahulugan niya. At dahil dalawang palapag kaya 3M."

Natawa si Mr. Javiador sa narinig. "Wow! You're making me laugh."

"Simple lang naman po ang hiningi ko noong una, di ba?" sabad ni Sparkle. "Ang iatras n'yo ang

kaso, pero ayaw n'yo talaga. Puwes, bayaran n'yo na lang ako ngayon ng three million kung ayaw niyong mademanda. Napilay ako dahil sa kapabayaan ng kompanya n'yo. Hindi na ako makapagtrabaho!"

"I have a proposition," sabi ni Simon. "Ilang beses ko nang pinakiusapan si Anja pero ayaw niya talaga. What I can give you is money so you can hire a good lawyer para mailaban ang kaso ng jowa mo. 'Yong sa pilay naman, I will help you find a job."

"At 'yong three million?" tanong ni Atty. Moscoso.

"That will never happen!" puno ng kumpyansang sagot ni Simon Javiador. Tumingin ito kay Sparkle. "I'll be paying for your friend's lawyer so if I were you, drop this one and get a decent one."

"Excuse me?" tanong ni Atty. Moscoso.

Binigyan ng lalaki ng sarkastikong ngisi ang abogado.

Tumaas ang kilay ni Atty. Moscoso. "Magtutuos tayo sa korte at tatalunin kita."

"Go ahead!" Parang tinatamad itong makipagtalo. Kinuha nito ang menu at pumili ng pagkain. "Ano ang gusto niyong kainin? It's on me."

"Parang masarap 'yong bulalo," walang prenong sabi ng abogado. Basta kainan talaga ay walang makakatalo rito. Lahat ng mga handaan sa kanilang

kalye ay pinapatos talaga nito. "Saka pansit habhab at iyong menudo. Thank you."

Hindi rin siya nagpahuli. Libre ba naman. Relyenong bangus ang inorder niya at hipon sa aligue.

Ginataang kuhol ang order ni Simon. Habang naghihintay sila ng order ay may itinanong sa kanya ang lalaki.

"Nagka-boyfriend ka ba, Sparkle? I think you're pretty."

"Ha?" Hindi kasi siya sure kung tama ang dinig niya sa sinabi nito.

"Tinatanong ko kung nagka-boyfriend ka na?" ulit ng lalaki.

"Girlfriend marami," sabat ni Atty. Moscoso. "Meron doon sa palengke, meron sa kanto, 'yong tindera sa *Gurami Sari-Sari Store*, at pati nga 'yong naglalata, eh, pinatos din daw nitong si Sparkle."

Natawa si Simon. "Don't you ever feel… let's say… aroused when you're with a guy?" patuloy nito.

"Ha?" pagmamaang-maangan niya. Hindi niya kasi gusto at hindi siya komportable na siya ang pinag-uusapan.

"I just want to know if you're a lesbian or a bi. I remember you wearing a dress while holding onto your life atop the elevator car. You have sexy legs."

"Lalaki po ako. Three years old pa lang po ay alam ko nang lalaki po ako. Nagkamali lang ang Diyos."

Natawa si Simon sa sagot niya. Nahalata niyang medyo bully ang personality ng lalaki. Parang mahilig itong mang-asar.

"What happens when a nice guy flirts with you? Hindi ka ba talaga natutukso?" patuloy na pangungulit ng lalaki.

Napaisip siya nang malalim. Parang meron noong bata siya. Iyong best friend niya sa bahay-ampunan dati na si Bart. Magaling kasi iyon sa larong tumbang lata at away-gagamba. Naalala niyang tuwang-tuwa siya kapag kalaro niya ito. Hanggang sa binawi ito ng nanay nito sa ampunan kaya nagkahiwalay sila ng landas.

Ikukuwento niya sana kay Simon ang tungkol doon kaso hindi niya gusto ang ngisi sa mukha ng lalaki, parang malisyoso at nang-aasar. Baka kung ano pa ang sabihin nito sa kanya kaya mas mabuting asarin niya rin.

"Ang totoo niyan meron akong pinapantasya ngayon," banat ni Sparkle.

"Sino naman? Siyempre, babae 'yon." Tumungga ng beer si Simon. Mukhang tuwang-tuwa ito sa pang-aasar.

"Ang totoo niyan ay kakilala mo siya." Tumungga rin siya ng beer. Manginginom din siya, lalo na kapag libre.

"Si Anja?" Binigyan pa siya ng lalaki ng nanunuksong ngiti.

"Hindi."

"Sino naman? Eh, si Anja lang naman ang kakilala mo na kakilala ko rin," sabi ng lalaki.

"Ang mommy mo," walang gatol niyang sagot.

Saktong tumutungga si Simon ng beer at nasamid ito at napaubo nang walang tigil. Hindi talaga nila tinulungan dahil hindi nakakatuwa ang ugali. Tiningnan lang nila ito na manghabol ng hininga. Mayamaya nang mahimasmasan ito ay napahalakhak.

"Ano naman ang nakita mo sa nanay ko? Mukha 'yong maputlang bangus."

"Grabe ka kung makapanlait. Sa kili-kili pa lang ng mommy mo, tumba na lahat."

Halos hindi na uli makahinga si Simon, sa katatawa naman. Nang muling mahimasmasan ay kung ano na naman ang sinalita nito. "I like funny girls, Sparkle."

Tinapunan niya ito ng naiiskandalong tingin. Huwag nitong sabihin na type siya nito dahil lalaki siya! *Haller!*

Dumating ang pagkain kaya natahimik silang tatlo. Si Atty. Moscoso naman ang inasar ng lalaki. Tinanong nito ang abogado kung nakapasa nga ba talaga ito sa Bar at kung ilan na ang naipanalo nitong kaso. Nangitim nga sa asar ang mukha ng abogado, pero nang ibaba ang *lechon kawali* na order ni Simon para rito ay tila kinilig ang matanda.

Naisip niyang tama yata ang suhestiyon ni Simon na palitan ang abogado niya. Baka isang kaldero lang ng kanin ay bumaliktad na ito.

Naging maganda ang usapan nila nang mapunta na sa politika. Si Atty. Moscoso ay galit na galit kay Trillanes. Kapwa sila natawa ni Simon dahil namumula talaga sa galit ang abogado.

Napagtanto niya na kumpara sa ina nitong mukhang foreigner at kay Anja, mas marunong makipagkapwa-tao si Simon Javiador. Mapang-asar ito pero marunong makibagay. Parang taga-kanto ito minsan kung magsalita, iyon nga lang mahilig mag-Ingles.

Mga alas nueve na sila lumabas ng restaurant. Maganda na sana ang lahat hanggang sa humirit pa ang lalaki.

"You try a man sometimes, Sparkle. For sure he'll know what you want!"

Kinagat niya nang mariin ang dila dahil nga may

problema pa siya kay Kitty Perry at ayaw na niya iyong dagdagan pa. Baka kapag sinagot niya ito ay kung saan pa mapunta ang usapan at masapak niya pa. Hula niya homophobic ang isang ito, mababa ang tingin sa mga tomboy kaya kung makapang-asar ay wagas. Binigyan na lang niya ito ng masamang tingin.

Kindat at tawa ang sagot ng lalaki bago pumasok sa kotse nito.

Hinintay nilang makalayo ang sasakyan nito bago siya umalis sa wheelchair. Sumakay sila pagkatapos sa kakarag-karag na owner ng abogado. Pinag-usapan nila ang ikakaso laban sa kompanya ni Simon. Go raw sabi ng abogado. Hindi na siya sumagot. Baka kasi *declined* din pagdating sa piskalya. Baka magsayang lang siya ng oras.

# Chapter Three

Pagdating ni Sparkle sa kanilang lungga ay may natanggap siyang text mula kay Bugok Mandurugas. May malaking raket daw sa Lunes. At siyempre, raket kaya hindi niya hihindian iyan.

Lunes ng gabi ay tumambay siya sa likuan. Mga alas ocho ay nakita niya ang pulang *Civic* ni Bugok Mandurugas. Sumakay siya roon at ibinigay sa kanya ng lalaki ang mga instruksyon. Papasok daw siya sa butas ng aircon ng isang salon na ginagawa ngayon. Mula roon ay maglalakad siya paakyat sa 16th Floor. Hanapin niya raw ang room 1609. Wala pa raw nakakabili niyon kaya hindi ikinakandado. Lumabas daw siya sa terrace at mula roon ay puwedeng

bumaba sa Unit 1407, ang pad ng may-ari ng gusali na minsan lang nito binibisita. May laptop daw roon, DSLR camera, at mga mamahaling relo.

Tama ang impormasyon dahil madali siyang nakapasok sa *Blue Palm Condominium*. Nakarating siya sa Unit 1609 nang walang kahirap-hirap. Paglabas niya sa terrace ay dinungaw niya ang dalawang palapag na bababain niya. Kung dito siya mahuhulog ay siguradong patay siya. Pero sayang din ang raket at pakiramdam niya ay hindi pa siya mamamatay ngayon.

Isinuot muna ni Sparkle ang itim na maskara bago kinuha ang lubid sa dalang bag at ipinulupot iyon sa baywang. Tiniyak niyang matibay ang pagkakabuhol ng tali at pagkakasabit ng angkla sa barandilya bago siya nag-umpisang bumaba patungo sa 14th Floor. Madali lang dahil nakatapak siya sa terasa ng 15th Floor at pagbaba sa 14th Floor ay nakalipat siya mula sa Unit 1409 patungo sa Unit 1407 nang walang kagalos-galos.

Nabuksan niya ang sliding door sa terrace at bumungad sa kanya ang isang malinis na sala. Simple lang pero halatang mamahalin lahat ng gamit. Ang flat screen TV ay sobrang laki, parang sinehan na. Ang gamit sa kusina ay makikintab at malinis. Siguradong nasa bedroom ang mga kayamanan.

Pumasok siya sa kuwarto at nakita agad ang laptop. Mabilis na ipinasok niya iyon sa backpack. Binuksan niya pagkatapos ang cabinet para maghanap ng iba pang mamahaling gamit at nakitang nakasabit ang camera. Kinukuha niya iyon sa sabitan nang may sumigaw mula sa pintuan.

"What the f*ck!"

Sa gulat ay napalingon si Sparkle at parang mapapa-tumbling nang makita ang pagmumukha ni Simon Javiador na galit na galit na nakatingin sa kanya. Tatakbo sana siya nang nilipad siya nito at gumulong silang dalawa sa sahig. Sapakan at suntukan ang sumunod. Nabigyan niya ng isang malakas na suntok ang lalaki sa mukha kaya napaatras ito at nakagapang siya palayo, pero hindi nito tinigilan ang long sleeves na nabili niya sa eskinita kaya na-stretch iyon at napunit.

"You think you can get away, huh?" singhal ng lalaki habang ang pantalon naman niya ang hinihila dahil sira na ang long sleeves niya. Sinipa niya ito at napuruhan ang lalaki sa panga kaya nabitiwan siya uli. Pero bago siya makatayo, tinalon siya ni Simon at nahablot nito ang bigkis na nagtatago sa malaking dibdib niya. Wala na siyang nagawa kundi ang mapapiyok nang mahila nito pababa ang tela at bumuyangyang ang cup C niyang dibdib.

Natigilan ang lalaki at mayamaya ay natawa sa natuklasan. "So you're a girl!" Hinawakan nitong maigi ang baywang ng pantalon niya. "Move an inch at siguradong mahuhubaran ka talaga!"

Malakas talaga ang kapit ng lalaki sa pantalon ni Sparkle. Sa isang maling galaw ay siguradong lalabas ang muning niya. Pero kailangan niya talagang makalabas ng kuwarto. Gamit ang kanang kamao ay sinuntok niya ang mata nito.

Napadaing ang lalaki. Pero mayamaya ay napasigaw siya sa sakit dahil kinagat nito ang baywang niya. Nakawala ang isa niyang paa kaya sumipa siya at inatras ang katawan. Iyon nga lang, hindi talaga binitiwan ng lalaki ang pantalon niya kaya nahila iyon pababa at lumabas ang kanyang muningning.

"Nanay!" iyak ni Sparkle sa hilakbot.

"Move again and I'll have a better view!" pang-iinis ng lalaki.

Talo na talaga siya. Na-conscious na si Sparkle. Nakalabas ba naman ang kaluluwa niya at buong layang natitingnan, ano pa ba ang magagawa niya?

Itinaas ni Simon Javiador ang katawan at sinakal ang leeg niya.

"You can't invade people's homes and steal things they have worked hard for," galit na sermon nito

habang hinahablot pataas ang kanyang maskara.

Siguradong ta-tumbling ito pag nakita ang pagmumukha niya. At tama ang hinala niya dahil napaluwa talaga ang mga mata ng lalaki nang masino siya. Una, namutla ito sa gulat, pero mayamaya ay namula sa galit.

"You!" sigaw nito sa inis. "Ikaw na naman? Hindi ba noong Lunes lang ay nasa wheelchair ka? Pero ngayon nandito ka at nang-aabala! Three million, my a**! Gusto n'yo lang akong perahan!!"

"Pasensya na. Naghahanap-buhay lang," ang tanging nasabi niya.

Ilang segundo ding natahimik sa inis si Simon Javiador hanggang sa hindi na ito nakapagtimpi. "You're not going to get away with it this time!" matalim na sabi nito. Inilayo nito ang katawan at hinablot ang paa niya.

Wala na siyang nagawa kundi ang manipa nang pilit nitong ibinababa at hinuhubad ang pantalon niya. Nasa sakong na niya iyon. Nako-conscious na siya sa hubad niyang kalagayan. Dahil lalaki ito at mas malakas kaya talo siya.

Nahubad nito ang pantalon niya at panloob. Nakagulong pa siya palayo pero naabutan siya ng lalaki kaya balik gulong sila sa sahig hanggang sa nakaangkla na talaga ang binti nito sa katawan niya.

Dahil sa hindi na makagalaw ay napasigaw na lang siya. "Rape! Rape! Rape!"

Mabilis na tinakpan ng lalaki ang bunganga niya.

"It's not gonna be rape, babe, because you'll be begging for more later!" sabi nito bago ibinaba ang mukha sa kanyang leeg at doon siya kinagat.

Napapiyok siya sa kiliti. Masakit, pero hindi sobrang sakit, iyong masarap na sakit. Ano ba itong naiisip niya?

*Hoy, Sparkilito, lalaki ka! Hindi ka bakla!* sita niya sa sarili dahil nasasarapan siya sa mga kagat ni Simon Javiador. Pagkatapos nga siyang kagatin sa leeg ay kinagat siya nito sa baba at sa balikat. At mula sa mga mumunting kagat ay binigla siya nito ng masuyong dila sa kanyang leeg.

Ewan! Siguro nao-overwhelm siya dahil malaking tao itong kayakap niya at mabigat sa ibabaw niya kaya pakiramdam niya ay apektado siya. Hinalikan at binigyan nito ng mumunting kagat ang kanyang leeg pero mayamaya ay tumigil at itinaas ang mukha para matingnan ang kanyang dibdib.

"You've got a sexy pair of boobs, babe! Pang-porn..." ang sabi nito bago inalis ang kamay sa kanyang bibig at siniil siya ng halik. Ang mga kamay nito pagkatapos ay bumaba sa kanyang dibdib at doon nagmasahe.

Natuliro si Sparkle. Ito ang pinakaunang lalaking nakahalikan niya. Promise! Iyong rapist dati ay tainga lang niya ang ginahasa. May pitong babae yata ang nakasiping niya at medyo iba pala ang pakiramdam kapag lalaki. Parang tanso ang yumayakap sa kanya, at pakiramdam niya ay isa siyang babasaging kristal, isang prinsesa.

*Teka!* Parang nagugustuhan niya itong nangyayari, lalo na at sa lahat ng kayakap niya, ito yata ang pinakamabango. Iyong bangong malinis, mayaman, at malakas! Parang gusto niyang tumugon sa halikan pero nakakahiya.

"Tell me you want it, too," bulong ng lalaki sa tainga niya.

Umiling siya.

"Liar!" sabi ni Simon sabay dila sa kanyang taenga. Napapisik siya dahil may trauma siya roon. Galawin na nito ang lahat huwag lang ang tainga niya. Mabuti at ibinaba ng lalaki ang dila nito sa kanyang leeg.

"You have… a … very… long neck," sabi ng lalaki sa gitna ng mga halik.

Kailangan niyang mag-deny kaya inilayo niya ang leeg. At iyon nga, napababa ang mukha ng lalaki, nasakto sa cleavage niya. Mayamaya ay nakita na lang niya itong sinisipsip ang nipple niya.

*No!* Hindi siya puwedeng masarapan dahil ang sagwang tingnan. Pinilit niyang igulong katawan para mailayo ang dibdib sa lalaki, pero parang bakal ito na ipinapako siya. Iba pala talaga kapag lalaki ang kasiping, takam na takam ito at mapuwersa. Nakakahiya man pero tumulo talaga ang laway niya sa kaliwang pisngi. Hinabol niya iyon ng dila dahil kapag nakita iyon ng lalaki ay siguradong aasarin siya.

At kung sa tingin niya ay maitatago niya pa ang nararamdamang sensasyon ay nagkakamali siya. Ibinaba ng lalaki ang dila nito sa kanyang tiyan at doon walang patid na naghulma ng numerong ocho pababa nang pababa hanggang sa naabot nito ang nasa pagitan ng kanyang legs. Ikinipot niya ang mga hita, pero ibinuka ng lalaki at sumisid doon. Inilayo niya ang mukha nito pero desidido talaga ang lalaki na tikman ang hiyas niya. Niyakap nito ang mga binti niya at inangkla sa sahig. May ilaw pa naman. Pakiramdam niya ay exposed na exposed siya kaya tinakpan na lang niya ang pagmumukha sa kahihiyan at hinayaan na niya ang lalaki sa kung anumang gustong gawin nito.

Itinaas nito ang katawan at walang pasubali na ipinasok ang kahandaan sa kanya. Napapiyok siya sa sakit. Natigilan din ang lalaki sa natuklasan.

Na-trauma kasi siya sa serial rapist na nambiktima sa kanya noon kaya parang apektado ang sekswalidad niya. Sa mga girlets niya, gusto niyang siya ang nangroromansa, pero kapag siya na ang roromansahin, ayaw niya. Hindi niya feel! Nangingisay siya at napapatigil. Ewan nga. Kanya-kanya namang sekswalidad ang tao at ganoon siya.

At ngayong nasa loob na niya ito, paano pa mahuhugot iyan?

"Well, this is sad," sabi ng lalaki nang makita ang panghihilakbot sa mukha ni Sparkle. Ibinaba nito ang mukha para matitigan siyang maigi. "You know sometimes in life you just need to accept that things happen… and simply enjoy them."

*Ano raw?*

"I promise that I'll be gentle. I'll be kind," sabi nito habang ibinababa ang bibig sa bibig niya. Malambing itong nanghalik pagkatapos habang mabining sinisimulan ang pag-indak sa ibabaw niya.

*Malaki!* Sakop lahat kaya mahapdi. Pero tama rin ang sinabi ng animal na ito. Nandiyan na kaya i-enjoy na lang. Kahit pa siguro gumulong-gulong siya at tumambling ay wala nang mangyayari. At huwag din siyang masyadong reklamadora. Guwapo itong kaniig niya.

Iminulat ni Sparkle ang mga mata para matingnan

ang mukha ng lalaki. Ang hot nitong tingnan habang nakatingin sa kanya nang may pagnanasa. Sa unang pagkakataon ay babae ang pakiramdam niya sa sarili… isang magandang babae.

At may naramdaman siyang masarap na sensasyon na namumuo sa tiyan niya. Maliit na parang papalaki, tila nagsisimulang apoy na lulubog-lilitaw. Nauupos bago tuluyang maglagablab.

Siguro nahahalata ng lalaki ang nararamdaman niya base sa reaksyon sa mukha niya kaya binilisan nito ang paggalaw. Nadadarang na rin siya at hindi na niya mapigilan ang sarili. Napapikit na si Sparkle at napatugon ng halikan. Tila rin may sariling pag-iisip ang katawan niya na nakisaliw rin sa indak ng lalaki. At hindi na niya napigilan ang sarili na mapaungol sa sensasyong lumulukob sa kanya. Ang kanilang mga ungol ay tila mumunting awit na pilit na pumupuno sa maliit na sala.

At tila may kung anong ilaw na sumabog at dinala siya sa ibang dimensyon. Si Simon ay napabilis pang lalo ang indak sa ibabaw niya. Napakapit siya habang bumababa ang init mula sa kanyang tiyan at patungo sa kanyang mga paa. Parang mapuputulan siya ng hininga nang dumating ang tila kuryente sa dulo ng kanyang mga daliri sa paa. Napaungol na lamang siya nang malakas nang tuluyang sumabog

ang kuryente sa katawan niya. Parang may mga bituing kumikislap sa likod ng kanyang mga mata.

# Chapter Four

Maulan ang Sabado. Nakaramdam ng gutom si Sparkle kaya lumabas siya ng kanilang lungga at pumunta sa karinderya ng Ilokanang si Paquita. Sakto dahil kakaluto ng paborito niyang *bopis*. Kaso nang maamoy iyon ay naduwal siya.

Ewan! Baka may problema siya sa mata kaya nahihilo siya nitong mga nakaraang araw. Kailangan niya siguro ng salamin. Sumasakit din ang ulo niya minsan.

Pagdating niya sa kanilang lungga ay pinuna siya ni Zigzirita.

"Alam mo, ang laki ng balakang mo ngayon. Kung di ka lang Butch, eh, pag-iisipan talaga kitang buntis."

"Heh! Tumigil ka nga. Kung anu-ano ang pinag-iisip mo!" Pumunta siya sa hapag-kainan at inubos ang dalang tanghalian. Kanya-kanya kasi silang bili ng pagkain. Kung sino ang walang kayod ay siguradong gutom. Mas maigi nang ganoon para walang tatamad-tamad.

Speaking of tatamad-tamad ay tinamad si Sparkle na rumaket kinahapunan dahil masakit ang ulo niya. Natulog siya dahil sa sama ang pakiramdam. Gumising siya bandang ala una at gusto niyang kumain ng kamias.

"Ano bang buhay 'to?" aniya habang kinakamot ang ulo. Itinulog na lang niya ang nararamdamang gutom.

Kinaumagahan ay napatakbo siya sa CR dahil naduduwal siya. Siguro kailangan na niya ng salamin sa mata. O baka vertigo lang ito.

"'Ala, sino ang tatay niyan?" tanong ni Zigzirita habang binubuksan ang pinto ng CR. "Si Dodong ba na nagtitinda ng buko sa kanto, si Atty. Moscoso, o 'yong Doberman ng guwardiya ng bangko doon sa gilid?"

"Tumigil ka nga!" sabi niya sabay pukol dito ng nakamamatay na tingin.

"Anong tumigil? Pumunta ka sa health center at magpatingin sa doktor at baka kung ano na 'yan."

Sa totoo lang ay kinakabahan siya. Paano kapag nabuo iyong munting disgrasya doon sa pad ni Javiador? *Buhay kang bata ka!* At lagot siya.

Nagbihis lang si Sparkle at sumakay na ng jeep papunta sa pinakamalapit na public hospital. Pumila siya roon hanggang sa makapasok sa klinika ng doktor. Tinanong siya ng mga sintomas at binigyan siya ng laboratory order. Pumunta siya sa laboratory at pagkatapos ng isang oras ay bumalik siya sa klinika dala ang resulta.

"Misis, congratulations. Buntis po kayo!" ang sabi ng doktor.

Hindi niya alam kung gugulong, ta-tumbling, hihiga o uupo. Napaiyak siya na parang batang natalo sa larong patintero. Iyong tulo sipon talaga.

"Okay ka lang?" tanong ng doktora sabay tayo mula sa upuan nito para maalalayan niya.

"Wala po akong pambuhay sa baby, ma'am," sabi niya sabay pahid sa ilong.

"Huwag mong sabihin 'yan. May malakas kang pangangatawan. Makakahanap ka ng trabaho. Malay mo, ang baby na palang iyan ang magiging suwerte mo," sabi ng doktora. Bumalik ito sa upuan para resetahan siya ng mga vitamins.

Nagpasalamat siya rito at nagpaalam na.

Hindi siya agad umuwi. Nagpalaboy-laboy siya

sa kalsada habang iniisip ang sitwasyon niya. Sa totoo lang ay nangangarap din siyang magkaanak. Sino ba ang gustong tumandang mag-isa, di ba? Pero hindi pa siya handa. Wala pa siyang ipon at bata pa siya sa edad na beinte-dos. Ayaw niyang danasin ng magiging anak niya kung ano ang mga dinanas niya. Naisip nga niyang sabihin sa tatay, pero baka itaboy lang siyang parang aso ni Simon Javiador.

"Hoy, ano'ng ginagawa mo diyan!" tanong ni Stew Cat. Nakasakay ito sa skateboard.

Inayos niya ang sarili at bumuntot na lang kay Stew Cat. Madali rin siyang mapagod ngayon. Habang naglalakad pauwi ay naisip niyang subukang kausapin si Simon Javiador tungkol sa bata. Kung tutuusin, ang lalaki ang may pakana kung bakit may nangyari sa kanila kaya dapat panagutan nito ang bata. Nasarapan din iyon kaya dapat silang dalawa ang mamroblema.

Mabuti at pagdating niya sa inuuwian nila ay wala si Kitty Cat. Dumerecho na siya sa puwesto niya at natulog.

Nang sumunod na araw ay inayos niya ang sarili. Nagsuot siya ng pantalon at polo na parang si Daniel Padilla at sumakay ng jeep at pagkatapos ay ng bus papunta sa opisina ni Simon Javiador. Pagdating niya sa entrance ay kilala na siya ng mga guwardiya bilang

iyong tomboy na nahulog sa dalawang palapag pero hindi namatay.

"Kuya, may sobrang importante akong ipapakiusap kay Mr. Javiador. Kung wala man siyang oras ngayon ay hihingi sana ako sa sekretarya ng iskedyul."

"Ay, okay lang po, ma'am. Punta na lang kayo doon."

Napabuntong-hininga si Sparkle. Akala niya ay haharangin siya. Dumerecho siya sa itaas. Mabuti at nandoon ang lalaki. Pinapasok siya ng sekretarya pagkatapos nitong ipaalam sa amo na naroon siya.

"Pogi natin ngayon, ah," sabi ni Simon, pilyo at nang-aasar ang ngiti.

Naasar siya at mas maiging asarin niya rin ito. Iyong isang linyada lang at tapos ang usapan. "Buntis ako, p're!"

Parang may eraser na biglang dumaan sa mukha ng lalaki na bumura sa ngiti nito.

"You're kidding, aren't you?" tanong nito. Iyong lips nito, nawalan ng kulay, parang lumipat sa ilong.

"Sana nga joke lang 'to," aniya.

Matagal na natahimik at napatitig ang lalaki bago tumayo. "I should bring you to a doctor to see na hindi drama 'yan."

Sumama siya sa lalaki. Pumunta sila sa *St.*

*Luke's* para magpa-pregnancy test. Kinumpirma ng Ob-Gyn doon na buntis siya. Pagkagaling nila sa hospital ay pinakain siya ng lalaki sa isang Japanese restaurant.

"Pag-iisipan ko muna kung ano ang gagawin ko sa sitwasyong ito kaya sana ay huwag mo munang ipagsabi. Pag-uusapan natin 'to nang matino at walang halong drama," sabi ni Simon.

"Okay, sige," sang-ayon ni Sparkle. Ayaw rin niya ng drama. Ang gusto lang niya ay ang may panggastos siya hanggang sa makapanganak. Titingnan din niya pagkatapos kung ano ang gagawin niya rito, kung palalakihin ba o ipapaalaga sa iba. Malay ba niya kung interesado ang lalaki sa anak nila. Sa kalagayan niyang ito, wala siyang matinong buhay na maibibigay sa bata. Kung palalakihin ng tatay, eh, di maigi. Kung ayaw, hahanapan niya ng mabuting pamilya na tatanggap.

Tatlong araw ang dumaan bago tumawag ang lalaki sa kanya.

"I was able to get a townhouse for you. I think it's best that you stay there while you are pregnant para rin mas safe ang bata. I'm kind of busy today. A lawyer will be coming to take care of things. Pupuntahan ka diyan sa inyo. You need to sign some papers."

"Ah, sa ibang lugar na lang siguro kami magkita. Sa *McDo* na lang doon malapit sa simbahan. At saka kaunti lang naman ang mga gamit ko, bibitbitin ko na."

Ayaw niyang malaman ng mga kasamahan na buntis siya kaya mabuti na lang at naisip ng lalaki na kumuha ng bahay. Pasimple siyang nag-ayos ng gamit. Isang backpack lang at isang paper bag.

"Babe, saan ka pupunta?" tanong sa kanya ni Kitty.

"May raket na ibinigay sa akin si Bugok. Sa Cebu raw. May lolooban kaming pawnshop. Mukhang matagal na trabaho 'to. Komplikado!"

"Ah, sige. Ingat!" sabi nito at nagbigay ng smack sa kanyang pisngi.

Dumerecho siya sa *McDonald's*. Nandoon na ang abogado ni Javiador, naghihintay. Ang sabi nito ay hindi muna sila magpapapirma ng kontrata o anuman. Ang importante lang daw ngayon ay ang maipanganak nang maayos ang bata at saka na sila mag-uusap. Ang gusto raw ni Simon Javiador ay ang sarili o ang ina nito ang magpapalaki sa bata.

Inihatid siya ng abogado pagkatapos sa townhouse at nakahinga siya nang maluwag dahil komportable ang bahay. Sosyal pa at pribado ang compound. Sa likod ay may park kaya makakapag-

walking-walking din siya.

Hindi maipaliwanag ni Simon ang naramdaman nang marinig na nakadisgrasya siya. Nasarapan kasi siya kaya hindi niya agad naisip ang mga puwedeng mangyari. At heto na nga, parang multo na tinatakot siya. Ilang araw rin siyang depressed hanggang sa napag-isipang tanggapin na lang ang sitwasyon. Hindi niya alam kung paano sasabihin sa mga mahal sa buhay itong napasukan niya.

Nagkakalabuan na sila ni Anja pero nag-uusap naman kaya nagwo-worry rin siya sa mararamdaman nito. Ang problema niya talaga ay ang ina dahil magiging kanyon ang bunganga nito.

Kakausapin niya sana ang dalawa ngayong araw pero naduwag siya. Siguro sa ibang araw na lang. Mag-iipon muna siya ng lakas ng loob. Pagkatapos ng trabaho ay dumerecho siya sa *Brown Stone Townhouse* para bisitahin si Sparkle at tingnan ang kalagayan nito roon.

Nagma-mop ng sahig ang tomboy.

"I am thinking of getting you a maid," sabi niya.

"*Chos!* Huwag na!" sabi nito. "Kaya ko naman ang mga gawaing-bahay rito at para exercise na rin."

"Baka kasi magka-emergency o anuman. Mabuti na 'yong may mahihingan ka ng tulong."

"May cell phone naman. Tatawagan na lang kita kapag may problema. Gagastos ka pa sa pagkuha ng katulong."

*Sinabi nito, eh.* Ano ang magagawa niya?

Pinagtulungan nilang dalawa ang dala niyang jumbo pizza. Naubos nila. Natuwa siya dahil ngayon lang siya nakakita ng babaeng mahilig kumain. Lahat kasi nagda-diet. Siguro dahil buntis ito.

"Hindi, ah! Masiba talaga ako kahit noon pa."

At mukhang totoo iyon dahil nang sumunod na araw ay dinalhan niya ito ng isang bilaong *Pansit Malabon* na good for four persons pero muntik na nitong maubos lahat.

"Nahiya kasi ako kaya nagtira ako ng kaunti," sabi nito at humagikgik.

"Ubusin mo na kasi!" sabi niya.

"Bukas na lang!" sabi nito sabay kuha ng pansit at inilagay iyon sa food ware saka ipinasok sa ref.

Mabuti at cowboy rin ang isang ito. Hindi na siya mamomroblema dahil kaya nitong alagaan ang sarili. Binigyan na lang niya ito ng pera para kung may kailangan ay may pambili. Ipinaalala na lang niya ang schedule ng medical check up nito. Pupunta kasi siya ng Singapore kaya ibinigay niya pati ang business email niya para makontak siya agad. Ikukuha nga niya ito ng nakalinyang cell phone

para madaling makatawag sa kanya.

Nang sumunod na linggo, Miyerkules ng hapon, ay dinaanan niya ito sa townhouse para samahan na magpa-check up. Aba, nakabestida kaya litaw ang ganda. Para talaga itong artista lalo na ngayong medyo lampas-tainga na ang wavy na buhok.

"Aba! Pa-girl!" aniya.

"Huwag mo akong sabihang girl at baka laslasin ko tagiliran mo," sabi ni Sparkle. "Mahirap kasing magpantalon. Hindi ako makahinga dahil lumalaki na ang tiyan ko. Ayaw ko ring naka-leggings. Parang makati kaya nagbestida na lang ako para presko."

Napatingin siya sa tiyan ng babae. Lumalaki na nga. Nahahalata na. Natakot tuloy siyang tumabi at baka aksidente niyang maitulak o ano. Pumunta silang hospital. Habang naghihintay sa Ob-Gyn ay tinanong niya si Sparkle kung may nasaksak na ito.

"Ako 'ka mo sinaksak! Na-in love kasi sa akin 'yong syota ng gang leader sa kabilang sitio. Nag-gang war. Nasaksak ako sa likod. Akala ko nga mamamatay na ako."

Naalala niyang may peklat nga ito sa likod.

Healthy naman daw ang bata sabi ng Ob-Gyn. At dahil healthy, napagpasyahan nilang mag-inuman.

"Asar namang bata 'to. Hindi tuloy ako makalaklak! Minsan na nga lang ako makapasok

sa mga ganitong mamahalin," nanlulumong sabi ni Sparkle habang umuupo sila sa lamesa.

Binilhan niya ito ng pineapple juice at hamburger. Nag-uusap sila tungkol sa mga napagdaanan nito sa kalsada. Ikinuwento nito na nagahasa raw ito sa tainga at masama man, hindi niya talaga maiwasan ang matawa. Hindi niya kasi ma-imagine kung paano iyon naganap, lalo na at ni-reenact pa ng tomboy kung paano ito nagpumiglas na parang manok. Nakakatuwa talaga ang isang ito. Tumigil ito sa pagkukuwento at mahina ang boses na may ipinapansin sa kaya.

"Tingnan mo 'yong parang Arabo sa gilid. Tingin nang tingin sa akin. Type siguro ako niyan," sabi nito.

Napatingin si Simon sa likuran niya at naroon ang isang balbas-saradong tila nagpapa-tweetums ang mukha. Natawa siya na muling humarap kay Sparkle. "Maraming pera 'yan sigurado."

"Ayy, gusto ko 'yan," sabi ni Sparkle sabay halakhak.

Paglabas nila ng bar bandang alas siete ng gabi ay tila sinadyang tumayo talaga ang Arabo para mag-CR para lang makasalubong sila palabas. Nagbigay ito ng nang-aakit na tingin kay Sparkle. Naghahalakhakan silang dalawa papunta sa parking.

Pati ba naman buntis ay nilalandi.

Inihatid ni Simon si Sparkle sa townhouse at pinaalalahanan na isarado ang mga bintana at pinto.

"Alam mo bang mahilig ang mga aswang sa mga buntis?" sabi niya. Ang yaya niya kasi noong bata ay mahilig sa mga kuwentong aswang-aswang. Namatay raw ang sanggol na ipinagbubuntis ng kapatid nito dahil binisita ng aswang.

"Gahasain ko siya, eh," ang sabi nito.

Natawa siya. Iyon ang gusto niya kay Sparkle. Madaling kausap. Walang halong drama kaya hindi stressful kasama. Nagpaalam na rin siya dahil susunduin niya pa ang kakilalang Briton sa airport bandang alas onse. May pinaplano kasi sila nitong negosyo.